Name : ___________________________________________

Topic: Filipino – Talasalitaan

SCHOOLKID.PH
http://www.schoolkid.ph

Contributor : RFAquino

**PANUTO**: Piliin at isulat sa patlang ang titik ng wastong kahulugan ng salitang nakasalungguhit.

_____ 1. Si President Ben ay isa nating <u>espesyal</u> na panauhin dahil siya lamang ang taong may posisyon sa pamahalaan ngayong gabi.

A. natatangi
B. magaling
C. lalaki

_____ 2. Nabigyan si Ruben ng tropeo at premyo nang nanalo siya sa kanilang <u>timpalak</u> sa paaralan.

A. presentasyon
B. pag-awit
C. paligsahan

_____ 3. <u>Kapos</u> lagi ang pera ni Aling Merla kaya di niya nabibili lahat ang gusto niya bilhin sa palengke.

A. kulang
B. sobra
C. sapat

_____ 4. Sa aking *birth certificate* mo makikita ang <u>katibayan</u> na ako ay talagang ipinanganak sa Pilipinas.

A. katunayan
B. babala
C. abiso

_____ 5. Ang pagguhit ni Lorena ng mga bulaklak ay <u>akma</u> sa pag-uusapan natin sa klase ngayon na tungkol sa mga iba't ibang uri ng bulaklak sa Pilipinas.

A. malayo
B. mali
C. angkop

_____ 6. Si Ginang Winnie Monsod ay isang <u>dalubhasa</u> sa larangang ng ekonomiya dahil ito ang kanyang itunuturo sa kolehiyo.

A. eksperto
B. matalino
C. sikat

Copyright 2010 www.schoolkid.ph All Rights Reserved. For Personal Use Only.